
# E-Traノート Tungkol sa paggamit

Ang paaralang ito ay gagamit ng E-Traノート (E-Tra note) sa komunikasyon sa mga magulang o guardian.




## Tungkol sa E-Traノート

Direktang ipamamahagi sa email sa mga magulang o guardian ang mga komunikasyon, impormasyon sa biglaang pagbabago at mga bagay na dadalhin, na sa handout lamang ipinapaalam hanggang ngayon.
Sa mga taong hindi Nihongo ang sariling wika, ipamamahagi ang komunikasyong nakasalin sa inyong sariling wika.

<Mga wikang tinutugunan>
Nihongo, English, Chinese (simplified characters), Urdu, Portuguese (Brazilian), Filipino, Vietnamese, Nepali, Spanish

## Kahilingan sa lahat ng mga magulang o guardian

Para sa pamamahagi ng mga bagay sa komunikasyon, hinihiling ang pag-register ng

## Handle of Personal na Impormasyon

Mangyaring basahin nang mabuti ang mga sumusunod kapag gagamitin ito.

### Tungkol sa pag handle ng personal na impormasyon sa E-Traノート (E-Tra note)

Ang "E-Traノート (E-Tra note)" (mula rito ay tutukuyin bilang "serbisyong ito") ay serbisyo na "magbibigay ng abiso sa mga magulang o guardian (mula rito ay tutukuyin bilang "magulang o guardian") na gagamit ng serbisyong ito ng mga bagay sa komunikasyon mula sa paaralan, at iba pa" na pinatatakbo ng Toppan Printing Co., Ltd. Ang paaralang ito ang mamamahala sa personal na impormasyon batay sa dokumentong ito.

1. Tungkol sa ligtas na pamamahala ng personal na impormasyon
Mahigpit na pamamahalaan at poprotektahan ng paaralang ito ang personal na impormasyon na ire-register sa serbisyong ito. Upang maprotektahan ang personal na impormasyon mula sa mga hindi awtorisadong pag-access o pagkawala, pagkasira, palsipikasyon, pag-leak, at iba pa, magsasagawa kami ng mag hakbang para sa pamamahala ng kaligtasan, at magsasagawa kami ng mga naaangkop at agarang kilos kung sakaling magkaroon ng problema.

2. Tungkol sa layunin sa paggamit
Upang magamit ang serbisyong ito, hinihikayat ng paaralang ito ang mga sumusunod: (1) Pag-register ng personal na impormasyon at (2) Pag-register sa mga magulang o guardian. Sa serbisyong ito, isasalin ang mga nilalaman ng mga abiso mula sa paaralang ito sa gagamiting wika na nakarehiistro sa (2), at ipapadala lamang ang email sa email address ng mga taong nakumpleto ang pag-register sa (2). Hindi ito gagamitin sa anumang iba pang layunin.
(1) Impormasyon ng bata at estudyante: Impormasyon ng bata na hawak ng paaralan ito (pangalan ng bata, klase na kinabibilangan, student number)
(2) Impormasyon ng mga magulang o guardian: Personal na impormasyon ng mga magulang o guardian na ire-register ng mga magulang o guardian sa registration screen ng impormasyon ng mga magulang o guardian (gagamiting wika at email address)

3. Tungkol sa pagbibigay ng personal na impormasyon sa ikatlong partido
Bilang pangkalahatang tuntunin, ang personal na data na ire-register sa serbisyong ito ay hindi ibibigay sa ikatlong partido maliban sa mga sumusunod na kaso. Maliban sa mga kasong ito, kung kinailangan ibigay ito sa ikatlong partido, magpapadala kami ng abiso sa pamamagitan ng e-mail, at iba pa na nagsasabi ng tungkol rito, at kukunin ang inyong pahintulot.
(1) Kung natanggap nang maaga ang pahintulot mula sa mga magulang o guardian
(2) Kung kailangan para sa pagpapabuti ng pampublikong kalusugan o pagsulong ng ligtas na pagpapalaki ng bata upang maprotektahan ang buhay, katawan o ari-arian ng indibidwal o ng ikatlong partido, ngunit mahirap kunin ang pahintulot ng mga magulang o guardian.
(3) Kung kailangan makipagtulungan sa pagsasagawa ng mga gawaing itinakda ng batas o regulasyon ng lokal na pampublikong organisasyon o ng taong pinagkatiwalaan niyon, ngunit may panganib na ang pagkuha ng pahintulot ng indibidwal ay makahadlang sa pagsasagawa ng mga gawaing ito.
(4) Kung ang pagbubunyag ng personal na impormasyon ay hiniling sa pamamagitan ng ligal na utos, at iba pa.

4. Tungkol sa pagkakatiwala ng pag handle ng personal na impormasyon
Sa lawak na kailangan sa pagkamit ng layunin sa paggamit sa 2. kapag gagamitin ang serbisyong ito, ipagkakatiwala ang pag handle ng registered na personal na impormasyon sa Toppan Printing Co., Ltd. at pangangasiwaan ito ng pinagkatiwalaan upang hindi ma-leak ang personal na impormasyon.

5. Tungkol sa tugon sa pagbunyag, pagwawasto, pagtanggal, o pagsuspinde sa paggamit, at iba pa ng personal na impormasyon
Kung makatanggap kami ng mga katanungan mula sa mga magulang o guardian tungkol sa abiso ng layunin sa paggamit, pagbubunyag, pagwawasto o pagdagdag ng nilalaman, o pagtanggal, pagsuspinde sa paggamit, ng sariling o personal na impormasyon ng bata, pagbura at pagsuspinde ng pagbibigay sa ikatlong partido (tutukuyin bilang "pagbunyag, at iba pa") ng sariling o personal na impormasyon ng bata, igagalang namin ang intensyon ng mga magulang o guardian at tutugon nang angkop at walang pagkaantala. (Gauyunpaman, dahil kailangang-kailangan ang personal na impormasyon sa pagpapatakbo ng serbisyo, mangyaring unawain na bilang resulta ng pagwawasto, pagbabago o pagtanggal ng personal na impormasyon, maaaring hindi maiwasan na hindi ninyo magamit ang bahagi o ang buong serbisyong ito.

Para sa mga magulang o guardian, mangyaring sumang-ayon sa nilalaman ng papel na ito bago gamitin ang serbisyong ito.

Copyright©2023 TOPPAN INC.
Supervised by H.Wakabayashi

フィリピン語 TOPPAN